# CLAIRVOYANCE

## ANG PANGDAMA NG MAKAPANGYARIHANG PANINGIN!



## (CLAIRVOYANCE)

### Ang Pandamdam ng Makapangyarihang Paningin

AngClairvoyance ay iyong panloob na kakayahan ng "Paningin" sa mga bagay na sa kadalasan ay hindi nakikita ng pangkaraniwan o pisikal na mata. Nasasaklawan nito ang higit na mataas at malawak na pagkaunawang nauukol sa buhay kaysa alinmang naiibang gawain o tungkulin ng tao!

Noong si Moises ay isa pa lamang pastol, siya ay nakakita ng isang nagniningas na halaman na hindi natutupok bagama't nagliliyab. Ang nasabing halaman ay nakita niya sa bundok na kung tawagin ay Sinai, at kung ating uunawain ang ningas na kanyang nakita ay walang iba kundi iyong makapangyarihang liwanag na dahil sa kanyang ikaanim na pandamdam o (ESP, the Sixth Sense) ay kanyang nakita. Ngayon kung ating tutunghayan ay mayroon ng 12 milyon na tagasunod ang Hudyanismo.

Noong si Budha ay nagninilay-nilay sa ilalim ng isang puno ng Banyan (Bo. Tree), siya ay nakakita ng mga Anghel na dumarating at mayroon namang umaalis, sapagkat kanyang ginamit ang kanyang panloob na pandamdam na walang iba kundi iyong makapangyarihang paningin na kung tawagin sa karunungang Okulta ay ikatlong mata (third eye). Ngayon ay mayroon ng 500 milyon ang tagasunod ng Budhismo.

Noong si Hesus ay nakakita ng mga pangitain sa ilang na pook o Disyerto makalipas ang 40 araw na pag-aayuno (fasting), at bunga ng Kapangyarihan ng Clairvoyance ay nakakita siya ng mga pangitain. Ngayon ay mayroon ng 850 milyon na tagasunod ang mga Kristiyano.

Noong si Mohamed ay nakakita ng mga kasula-

tan na nakatitik sa hangin na siyang kahulihulihang naging wika o salita sa Koran nakita niya iyong hindi nakikita ng iba. Ngayon ay mayroon ng 300 milyong Muslim.

Ang apat na nabanggit na tao ang siyang kinilalang pantas noong unang panahon magpahangga ngayon at nakasaklaw na ng higit na maraming tao kaysa kanino man sa nasulat na sa mga kasaysayan.

Sa kanilang malarawan na pakikisalamuha sa mga tao ay maidaragdag natin iyong hindi mabilang na matatandang propeta ng mga Hindu noong nakaraang 4000 taon na dahil sa kanilang kakayahan ay nakakita din sila ng mga pangitain sa pamamagitan ng kanilang ikatlong paningin. At ngayon ay mayroon ng 320 milyong Hindu.

Kaya't iyong dami ng bilang nang mga nabubuhay na tao na sa kanilang pamumuhay ay nasasaklawan ng Clairvoyance na sa limang pangunahing relihiyon na sa kabuuang bilang ay nalalapit sa dalawang bilyon.

At kung sisimulan nating isama ang mga taong nasa iba't ibang larangan tulad ng mga imbentor, mga mananaliksik sa lahat ng mga sangay ng agham, mga tagasanay ng iba't ibang uri ng sining, nakatamo ng mahalagang kabatiran sa pamamagitan ng mga panaginip at mga pangitain, malapit na nating matuklasan ang katotohanan na walang antas o anumang katayuan ng kapamuhayan (Industry) o taong mapaglikha na hindi mapanghahawakan iong katangi-tanging yunibersal na karunungan na sa lahat ng nilikha ay natatanging handog, na dahil sa hindi natin pagkaunawa sa tunay na kahulugan ay labis na pinagtatakhan ng ating mga pag-iisip.

Kung ang Clairvoyance ay tulad ng pansansinukob na kakayahan, at ang tao ang siyang humahawak nito o nanghahawakan nito sa lahat ng panahon, bakit ito ay nanatiling nasa iyo ngunit hindi mo napauunlad o nalilinang?



Ang unang kasagutan ay ang paghahambing nito sa iyong pangkaraniwang pandamdam. Nalinang ba ng tao ang kanyang pisikal na sangkap ng paningin at pandinig at ang kanyang sangkap na pandamdam o pandama, o ang mga ito ba ay kahalintulad lamang noong mga nabuhay ng nagdaang libong taon o sila ay magkapareho lamang? Na higit nilang pinag-uukulan ng pansin ang kanilang pangkaraniwang pandamdam kaysa makapangyarihang pandamdam na taglay na nila mula pa sa pasimula? Kung kaya't ang kanilang mga pandamdam ay hindi nagbabago. Ang kanyang pisikal na pandamdam ay hindi nila nalilinang upang maabot nila ang kanilang makapangyarihang pandamdam. Ang tanging pagkaunawa lamang niya sa anumang nadarama nito ang siyang umunlad sa madaling salita ay iyong mga bagay lamang na nasasaklaw ng kanyang pang-unawa ang umuunlad. At ang kanyang makapangyarihang pandamdam ay nananatili pa rin na nakahimlay doon sa mga nagdaang dantaon, subalit hindi pa niya napaunlad ang kanyang kakayahan upang unawain iyon, at isagawa ng higit na dakilang bagay, at sa pamamagitan ng "kawalang pagpapahalaga" sa karunungang ito, sila ay nananatiling walang muwang sa kaalaman na ito na siyang nagpadakila sa ating mga propetang nagdaang panahon.

Ikalawa, kinakailangan nating tandaan na ang tao ay nasasaklaw ng panlupa at pantubig na nilikha (amphibious"), kahalintulad ng isang palakang nabubuhay sa tubig at sa lupa, kaya't ang tao ay nabubuhay ng minsan lamang sa bawat panahon sa pandaigdig na dagat ng pangkaraniwan pisika at makapangyarihang pisika ng mga bagay. Kaya't, ang ating diwa ay nakatuon lamang sa pisikal ng

pagkaunawa kaysa sa makapangyarihang pagkaunawa. Kaya't siyang dahilan kung bakit ang pisikal na pagkaunawa ang siya laging napagbabalingan ng pansin samantalang ang makapangyarihan at pangkaluluwang pagkaunawa ay nananatiling walang malay at sa ikalawang banda ay napapabayaan.

Subali't ang panahon ay nagbabago.

Tayo ngayon ay pumapasok sa makabagong panahon, na tinatawag na Ginintuang panahon o panahon na kung tawagin ay Aquarian -- at ito ay pangkaraniwang tanda ng kasalukuyang panahon kapag ang mga bagay na pangkaisipan at pang-espiritong karunungan ay nagsisimulang bumangon upang makamlan ang kanilang makatarungang pananalg ang panloob na karunungan sa panlabas na karunungan. At sa panahong ito, ang panloob na katangian at kalikasan ng tao, kasama na ang tinatawag na Clairvoyance, ay makatatanggap ng higit na pansin at pagkalinga. At sa pagkakataong iyon ay magiging tanyag siya.

Maraming tao ang hindi tatanggap ng kapaniwalaan na ito. Subali't mayroon ding ilan na nagnanais na makakita ng "liwanag" at maķaunawa sa mga bagay na ating tinatalakay. Ito ang pangkaraniwang kahulugan ng salitang Clairvoyance: malinaw na paningin.

Tiyakin kung ano ang kaparaanan at karunungan na siyang nagpabago sa buhay ng mga pinakadakilang banal na tao na nakilala sa daigdig, at kung anong kakayahan ang kanilang tinataglay na siyang naging susi nila sa kanilang katanyagan? Katulad kaya ito ng kakayahan na siyang kusang nailnang sa mga buhay ng hindi mabilang at mga libulibong nilikha ng nagdaang dantaon noong kanilang kapanahunan? Ito ba ay maka-agham (scientific)? Ito ba ay likas? Masusupil ba ito? O



malilinang kaya?

"Mararanasan ko kaya o mapapaunlad ang karunungang ito", -- isang makatwirang katanungan na kinakailangan na itanong mo sa iyong sarili sa sandaling ito. "O ito kaya ay inihanda para sa ilan na tanging napili ng Diyos?"

Ang ating masusing pagsusuri at pag-aaral sa karunungan na ito ay siyang maghahayag sa atin na ang Clairvoyance ay likas na kakayahan at tagllay ng kahit sinuman, na tinanggap din naman ng ilang tao, at naranasan na nang marami, at maaaring malinang din ng lahat sa iba't ibang antas ng pagsasanay.

Mayroong dalawang pangunahing uri ng panloob na paningin:

1. Panlabas na Clairvoyance, ang pagtingin sa isang panlabas na hangganan sa kalawakan.
2. Panloob ng Clairvoyance, ang pagtingin sa isang panloob na hangganan sa kalawakan.

Kung titingin ka sa ibabaw ng pahinang ito at makita mo ako ng harapan na nakatayo sa harapan mo, ay ginagamit mo ang iyong karaniwang panlabas na paningin.

Kung ipipikit mo ang iyong mga mata at nakita mo ako sa pamamagitan ng iyong panloob na kaisipan na siyang himlayan ng alaala ito ang tinatawag na pangkaraniwang panloob na paningin.

Isang magkahalintulad na paningin ngunit mayroong pagkakaiba na nabubuo sa pagitan ng panlabas at panloob na Clairvoyance. Ang panlabas ay tulad ng isang laro ng iyong pinanunuod at iyong nakikita sa tunay na pangyayari. Ang panloob ay walang

iniwan kung ikaw ay nanunuod ng laro sa loob ng isang sinehan (maliban na ang kabuuan nito ay nasa pag-iisip) na mayroong kumakatawan sa tunay na gumaganap.

Ang inilalarawan dito ay ang kaibahan ng dalawang uri ng Clairvoyance.

Maging ang isang bihasa na sa larangan nito ay madaling makakita sa pamamagitan ng dalawang kaparaanan. Ang pagpili ay kadalasang nasasaklaw ng kanyang pagkokontrol. Ang magkahalintulad na pamamaraan ay nagagamit sa dalawa, at ang dalawa ay parehong kapanipaniwala.

Maging sa panloob at panlabas na pandamdam, ang Clairvoyance ay maaaring maisagawa sa ilang uri. ang mga pangunahing kaurian ay ang mga sumusunod:

1. Clairvoyance sa kalawakan (Remote Viewing)
2. Clairvoyance sa panahon (By Akasha)
3. Trance o hipnotikong Clairvoyance (Power of suggestion to subconscious mind)
4. Pantingin na mangintala – (Auric sight) (By Akasha)
5. X-ray Clairvoyance (Aura or part of the akasha)

UNFOLD

## CLAIRVOYANCE SA KALAWAKAN

Kung ikaw ay makakita ng isang bagay na tunay na nagaganap sa isang layo na higit sa pangkaraniwang saklaw ng iyong paningin, ikaw ay nakadaranas ng tinatawag na Clairvoyance na pangkalawakan. Magkaminsan, ito ay tinatawag na patawigin na pangitain (extended vision). Ang ganitong uri ang siyang ginamit ni Hesus ng "makita" niya si Nathaniel na nakaupo sa lilim ng isang



punong-kahoy, kahit na siya ay nasa kabila ng tuktok ng isang burol at hindi maaaring masaklaw ng pangkaraniwang paningin.

Ang mga saling dunong (tradition) mula sa angkan ng aking pamilya ay nakakaintindi ng karunungang ito kaya't ang aking mahal na lola ay nalinang ang kakayahang ito sa isang katangitanging antas. Noong ang aking ina ay dalaga pa lamang, siya ay naglakbay patungong Europa. Kadalasan, ang aking lola ay nagpapahayag at naglalarawan ng mga bagay para sa pamilya; na ang tahanan noon ay nasa hilagang Indiana, na ang mga karanasan na nakita ng aking lola sa pamamagitan ng karunungang Clairvoyance ay ang tungkol sa pakikipagtipan ng aking ina. Ito ay kanyang itinala, batay sa kanyang pangitain, at kasunod nito ay ang pakikiugnay mula sa aking ina — nagpapatunay na ang pangitaing nakita ng aking mahal na lola ay tumpak...

Maaaring may ilang hindi pangkaraniwang lakas ng kahiwagaan ang nagtatali o nagbubuklod sa pagitan ng dalawa na siyang tumulong upang maging ganap ang mga karanasang ito na tinatawag na Clairvoyance sa kalawakan. Mga kahalintulad na mga pangyayari sa libulibong mga nakaranas na maaaring sa ina at sa kanilang mga anak na lalaki at babae na nasa paglilingkod sa tanggulan (military service).

Kadalasang ang mga karanasang tulad nito ay napag-uukulan lamang ng pansin kung ito ay nauukol sa ilang malaking kapahamakan, subali't ito ay nagaganap sa higit na maraming pagkakataon sa ilang mga maramdaming tagpo (sensational incident) tulad ng naganap sa pamilya na aking ipinaliwanag at isinalarawan sa inyo.

Ang katotohanang ito ay naglalarawan ng isang kapaniwalaan: Ang Clairvoyance ay



CLAIRVOYANCE IN SPACE: Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito ay malalaman mo at masasaksihan ang mga pangyayari sa malayong lugar.

higit na madalas na nagaganap kapag ang gaganap ng Clairvoyance ay malakas makadamdamin na naguugnay sa tao o sa mga bagay na nakikita ng panloob na paningin. Ito kadalasan ay nagaganap kapag walang gaanong kaugnayan ang nabubuhay, subali't ang mabalaning pang-akit ng mga damdamin ay isang mahalagang sanhi.

CLAIRVOYANCE SA PANAHON

Ang pagtingin sa isang makasaysayang tagpo na naganap na, o isang makapantas na pangitain ng isang tagpo na hindi pa nagaganap, ay siyang tinatawag na Clairvoyance sa panahon.

Si Harold Higbe, isang propesor ng inhinyero ng koryente o dagitab sa Pamantasan ng Michigan, ay minsang nagpahayag sa akin ng mga kakayahan sa ganitong pangyayari: "Ang pag-iisip ay maaaring humimlg sa panahon, tulad halimbawa nang mga nagaganap sa panahon na natatala sa isang rolyo ng pelikula. Ito ay maaaring ibalik, at ang isang tagpo na nagmula sa nakalipas ay muling matatagpusan at masasaksihan. Ang isang tagpo sa hinaharap ay maaaring mapagmasdan bago ito maganap".

Karaniwang libulibong mga pagsubok sa E. S. P. na kalakip ang mga nag-aaral mula sa mababang antas hanggang sa kolehiyo ang nagpakita nang mga ganitong uri ng Clairvoyance tunay na nagaganap. Ang mga kinalabasan ng mga pagsusuri at eksplrimentong ito ay karaniwang nilalathala sa mga talaan ng sangay ng pananaliksik sa parapsycholohiya sa ilang pangunahing pamantasan.

KAWALAN NG DIWA O HIPNOTIKONG CLAIRVOYANCE:

Sa hipnotismo ang [illegible] karaniwang [illegible] ay

nahihinto habang ang ibang antas ng naturalesa ay nagiging aktibo. Ang kawalan ng diwa ay isang uri ng hipnotikong kalagayan ng sariling panghihi-kayat. Ang kilalang si Edgar Cayce ng Virginia Beach, Virginia, ay kadalasan ay nakakakita ng karamdaman ng wasto habang nasa ganitong kala-gayan.

Ang kaparaanan ng pagpapatulog-diwa ay ma-dalas na ginagamit ng mga tunay na pantas ng mga Hindu at ilang mistikong-kanluranin. Habang pi-nawawalang bisa ang mga panggugulo sa pangkara-niwang diwa sa isang may kalakihang antas, higit na mahirap gampanan at angkop sa pangsariling pangangailangan ng isang pangkaraniwang tao.

## PANTINGIN NA MANGINTALA-(AURIC SIGHT)

Ang ilang mga tao ay nagtataglay ng kakayahan upang makita ang larangan ng lakas-balani na ayon sa mga palagay ng agham, na siyang nakapalibot sa lahat ng bagay, gumagalaw man o hindi gumaga-law, at siyang bubulay-bulay sa ilang antas ng katangian ng isang bagay.

Ang daigdig ay nagtataglay ng isang angkop na kabalanian, na tulad mo, isang mabalaning lara-ngan ang sumasaklaw sa iyong upuan, sa mga tanim sa iyong salas, sa aso na iyong alaga at ang mga kabalaniang iyon ay tinatawag na "aura".

Mayroong mataas na antas ng pangitain ng paningin na siyang nag-papadama ng daloy ng liwa-nag na dumadagitab mula sa auras. Ito ay maa-aring isang pagrarayos na nagpapabatid sa iyo na (hindi mauunawaan kung papaano mo alam) kung ang isang tao ay galit o masaya at walang binibitiwang salita o nagbibigay ng anumang panlabas na pala-tandaan ng katayuan na siyang damdamin. Iyong nagmamasid nito ay maaaring "nakakakita" at may





CLAIRVOYANCE IN TIME: Ito ay ang kapangya-rihan upang mabatid at masaksihan ang mga pang-yayari noong unang panahon at ang mangyayari pa sa darating na mga taon.

"andam" na nadarama sa ganoon ding oras o pagkakataon. Subalit ang katayuan nang andam (intuition) ay kinakailangan na maghintay ng panghinaharap na aralin sa mga seryeng ito na susuriing mabuti.

Ang paningin na mangintala (auric sight) ay may kaugnayan sa pangkaraniwang pisikal na paningin o pangitain. Ito ay mailalarawan bilang paningin na nasa kalagitnaan sa pakikipagsapalaran sa pagitan ng pangkaraniwan at makapangyarihang paningin (psychic vision). Habang ito ay nararanasan, maraming tao ang nakakakita ng mga sapot na laging nag-iiba't ibang kulay na nagmumula sa isang tao o bagay. Ang karanasan ay hindi tulad ng nagniningning at nagbabagong kulay kapag tinatamaan ng isang spotlight sa loob ng isang sinehan o kaya naman ay isang spotlight na nakatuon sa isang Christmas tree o sa isang pandisplay na tindahan.

## X-RAY CLAIRVOYANCE

Ang pangalan ng kakayahang ito ay kinuha mula sa pelikulang x-ray na nakakakita ng tagusan sa isang bagay na solido upang makita ang iba pang bagay na solido sa loob. Halimbawa, ang isang tao na nagtataglay ng ganitong uring Clairvoyance na maaaring makakita ng isang mahalagang bahagi sa loob ng isang katawan. O maaari niyang makita ang laman ng isang sarado at pangkaraniwang lalagyan. O ang nakasulat na pahina ng isang nakasaradong aklat.

Isang kaibigan ko na nagngangalang Casey na nakatira sa Jackson, Michigan, ang minsan ay bumisita sa isang bantog na manggagamot sa Hilagang Ohio. Sinabi niya sa akin na kapapasukpasok pa lamang niya sa loob ng tanggapan ng nasabing manggagamot nang siya ay sinulyapan





X-RAY CLAIRVOYANCE: Ang kapangyarihang lihim upang makita ng lampasan ang isang bagay at malaman kung ano ang nasa loob at kabila nito. Napakahusay nito sa isang manggagamot o "Healer" sapagkat makita lang niya ang pasyente ay masasabi na niya agad ang karamdaman.

mula sa kanyang lamesa, at siya ay tiningnan nito ng ilang sandali at ang sabi sa kanya ay"mayroon kang spot sa iyong kaliwang baga. Nakikita ko iyon!"

Isang x-ray sa laboratoryo ang nagpatunay sa di pangkaraniwang pahiwatig na ito ng manggagamot.

Ako ay may kilalang ilang tao na nagsasanay ng sining ng espirituwal at nag-aangkin ng parehong kakayahang tulad nang sa manggagamot na aking nabanggit.

Ito ba ay kahiwagaan? Wala nang hihigit pa sa katotohanang ang x-ray ay sensitibo sa mga daloy ng liwanag na nagmumula sa mga bagay na solido at hindi ng iba. Pagkatapos ng lahat, ang mata at paningin ng tao ay may kaunti lamang pagkakaiba sa Camera lens at Film.

## SAAN NAGMULA ANG CLAIRVOYANCE NA PANINGIN

May dalawang pinagmumulan ng mga karanasan sa Clairvoyance sa anumang pagkakataon, alinman sa mga ito, o isang sangkap sa dalawa, ay maaaring umandar -- at kadalasan ay mahirap malaman kung alin o anong kapangyarihan ng clairvoyance ang nagaganap.

1. Ang unang kadahilanan ay ang panloob na ginagawa ng iyong sariling kataastaasang diwa. Isang higit na mataas na antas ng iyong pag-iisip ang umaabot sa aklatang pansansinukob ng lahat ng kaisipan at kumukuha ng impormasyong ninanais nitong iugnay sa iyong pangkaraniwang diwa. Kapag ito ay nagaganap sa pamamagitan ng isang matinding "damdamin", tinatawag



itong isang makapangyarihang sintido o pandamdam. Kapag ginagawa nito ang kanyang mensahe sa pamamagitan ng makalarawang pangitain ay tinatawag natin itong clairvoyance. Halos lahat-lahat ng mga karanasan sa E. S. P. ay gumagawa ng kanilang takda sa iyong diwa sa pamamagitan ng panloob na "damdamin" at panloob na paglalarawan."

2. Ang pangalawang sanhi ng karanasan sa clairvoyance ay ang pakikiisa, maaaring kusa o hindi kinukusa at ng iba pa sa nabubuhay na tao. Maaaring ito ay kaanib ng iyong mag-anak, isang matalik na kaibigan, isang kakilala o kahit na sa isang estranghero. O maaaring ito ay nagmula, ayon sa aking sariling paniniwala, sa pamamagitan ng isang tao na hindi buhay sa pangkaraniwang pandamdam -- isang kaluluwa na walang katawan na inilalarawan ng daigdig bilang patay -- subali't sila ba ay talagang patay?

Ang Apostol na si Pablo, sa unang Corinto, ay nagpahayag at kanyang inilarawan ang "di pagaalaala sa espirito." Minsan ang mga "Espirito" o mga taong walang katawan ay napakamapagnasa upang makiugnay ng isang mensahe na sa sadyang pag-iisip nito ay maaaring nasisingit ang kanilang mga iniisip sa iyong diwa sa kaanyuhan ng mga nakalarawang tagpo o makahulugang pangangatawan, o mga sariling pangitain.

Kung ang tao ay talagang panlupa at pantubig (amphibious), kung siya ay nabubuhay sa materyal at espirituwal na sangkap di ba't parehong gagana ang kanyang pag-iisip? Kayat hindi imposible kung tayo at laging madalas na "kinakapanayam ng mga Anghel ng hindi natin namamalayan"?

## ANO ANG KAHULUGAN NG MGA SIMBULO SA IYO?

Ang bawa't clairvoyance sa paningin o pangitain na pumapasok sa iyong kaisipan kahit na sa tuwiran o makahulugang kahulugan sa iyong diwa. Karamihan sa mga nakakapagpaunlad ng clairvoyance, kaya't, sa iyong pagsasagawa, ay pinahihigit ang katumpakan at kaluwagan at kalakip ang mga pagsisikap na ito na nagmumula sa isang higit na mataas na antas ng iyong likas na pagkatao ay ipinadadala sa iyong pangkaraniwang diwa.

Sa mga clairvoyance na karanasan ay sinasanay mo lamang ang mga katangian na likas na matagal na nakahimlay sa payak na dahilan ay hindi mo nalalaman na ito ay naroroon o maaaring hindi ka gumagawa ng hakbang sa ikauunlad nito.

Maaaring ang mga clairvoyance ng karanasan na nagmumula sa pamamagitan ng iyong mataas na sarili ay madalas na nagaganap kaysa doon na nagmumula sa pamamagitan ng ibang tao. Ang mga makahulugang pangitain ay higit na madalas kaysa tuwiran. Ngunit ang mga simbulo ay kinakailangan maunawaan, at dito ay nakakaharap ang isang paghihirap.

Halimbawa ano ang magiging kahulugan mo sa simbulo ng isang susi? Maaaring ito ay mangahulugan ng panibagong pagkakaton, na ang isang pinto ay nabuksan. O maaaring ito ay magturo ng isang nakapinid na pinto, na ang isang ninanais na pagkakataon ay hindi pa handa. Dito ay kinakailangan ang malakas na pandamdam na siyang darating na tulong ng iyong clairvoyance.

Sa pagkakataong ito ay aalalahanin natin ang isa pang kapaniwalaan: Kung ano ang iyong nadarama kapag ang isang simbulo ay



kakikitaan ng isang palatandaan kung ano ang talagang kahulugan ng simbulo.

Ang isang krus sa pangkaraniwang damdamin ay maaaring tanda ng isang paghihirap na iyong daranasin. Sa espirituwal na pandamdam ay maaring ang kahulugan nito ay kaliwanagan at kalayaan mula sa hangganan ng materyal lalo na sa isang mistikong Kristiyano. Ang magkaparehong simbulo sa dalawang magkaibang pagkakataon, ay may dalawang magkaibang kahulugan at maaaring ikaw ay higit na makadaragdag ng iba pa. Dahil kaya sa ang clairvoyance ay gumagana ng higit na tumpak kapag nasasangkapan ng malakas na pandamdam?

## UMAANDAR ANG PANGKARANIWANG CLAIRVOYANCE KUNG ANG PANGKARANIWANG PANDAMDAM AY PINAPAYAPA

Sa pangkaraniwang paningin, kahalintulad ng daloy ng liwanag mula sa isang tao o bagay ay nagdadaan sa iyong mga mata at narerehistro sa iyong diwa bilang mga anyong larawan. Sa clairvoyance ang daloy ng liwanag o dagitab ay hindi totoong daloy na nakikita ng pangkaraniwang mata. Hindi nila kinakailangan na dumaan sa mga lente ng mata. Ang mga ito ay tuwirang narerehistro sa iyong diwa kahalintulad ng kaparaanan ng isang telebisyon, humihigop ito ng mga dagitab mula sa itaas ng himpapawid at siyang nagiging dahilan kung bakit nagbabagu-bago ang mga palabas.

Dahil sa likas na kataasan ng dagitab na ito, ay maaari itong tawaging superpisikal. Katulad ng talagang natataas na bilis ay nagiging supersonic o higit na mabilis ito kaysa bilis ng tunog. Ang mga daloy na tanong ay iyong tinatawag na superpisikal. Ito ay hindi nakikita ng pangkaraniwang paningin. Kung gayon, ang clairvoyance

ay hindi pangkaraniwang pandamdam o kakayahan at hindi maaaring sanayin kalakip ang limang pangkaraniwang pandamdam, ayon sa ating karaniwang nalalaman.

Upang pukawin ang aktibidad ng di pangkaraniwang kakayahan nito ay kinakailangan nating ihinto o isa-isang tabi, sa kaunting bahagi, ang pangkaraniwang pandamdam na humahadlang dito.

Ang hipnotismo ay isa sa mga kaparaanan, maging ito man ay ginawa sa sarili o ginawa ng ibang tao. Subali't hindi laging madali, at mayrong mga panganib kapag ginawa o isinagawang hindi bihasa.

Maging ang tinatawag na trance ay mayroon ding hangganan at panganib. Ang pangkaraniwang diwa ay kadalasan tulog sa ganitong pagkakataon tulad ng hipnotismo at ito ay hindi tuwirang ninanasa.

Kinakailangan nating bumaling sa isang kaparaanan ng paghihimig ng diwa na ang napapamalagi nito ay liksi sa superpisikal, na pamukaw subali't sa ganoon ding pagkakataon ito ay nananatiling hindi nagugulo ng gising na pisikal.

Sa pangkaraniwang gising na diwa hinihimig mo ang iyong isip sa iba't ibang antas ng pag-iisip sa pamamagitan ng pagpapapanatili ng iyong pansin sa isipan, at ihimig ito sa bagay ng pinu-focus ng iyong isip. Ang pagninilay-nilay ay ang tanging salita na makapagpapaliwanag dito. Ang kakayahan ng "pagninilay" ng iyong pansin sa mga pandamdam na tumatanggap ng superpisikal na pamukaw, na lalong higit sa pangkaraniwang pandamdam na siyang layunin. Tulad ng anumang naiibang layunin ito ay makakamit sa pamamagitan ng mga pagsasanay ng mga kaparaanan na siyang ma-



kapagpapaunlad ng karunungan at katangian. Ang mga daliri ng piyanista ay nagiging malantik dahil lamang ng kanyang pagsasanay – at hiwalay sa di pangkaraniwang pangyayari ng tuluy-tuloy na makapangyarihang paningin, ang ganoon ay kahalintulad lamang ng clairvoyance.

Ang kapangyarihan ng kalooban, iyong desididong katayuan ng pag-iisip na higit mong inaangkin ay siyang magpapatigil ng ganting-galaw ng iyong diwa sa panlabas, ng pisikal na pamukaw, at ito ay ihimig sa panloob na superpisikal. Ang mga bihasa na sa clairvoyance na gumagamit ng kanilang mataas na kakayahan sa anumang nangungunang antas ay maaaring hindi namamalayan nito, at maaaring gumagamit ng iba't-ibang kaparaanan at pagsasanay ngunit sa kabuuang pagsusuri, ang uring ito ng pagsupil sa pag-isip ay mahalaga. Ito ay kahalintulad ng isang bagay na ikokonsentreyt ng diwa na siyang magdudulot sa mga yogi upang makamit ang pakikiisa sa walang hanggang Diyos.

Sa pamamagitan ng pinagsamang makapangyarihang kalooban at ng kakayahan sa paglikha ng larawan sa pamamagitan ng pag-iisip, na aking tinatawag na kakayahang panglarawan, ito ay maaari mong malinang, hindi imposible sa iyo na malinang ang mga nag-uugnay sa pagitan ng iyong pangkaraniwang diwa na siyang pinagmumulan at nagiging dahilan ng mga karanasan sa tinatawag na clairvoyance. Ako ay magbibigay sa inyo ng tatlong pagsasanay na siyang makatutulong sa inyo upang magampanan ito. Pagkatapos mong masubukan ito sa iyong sarili, ay maaari kang gumawa ng sarili mong mga pagsubok nito, subali't ang mga pangunahing sangkap ay siyang kinakailangang manatili.

Dalawa sa mga kaparaanang ito ang siyang

itinuturo ng ilan sa maraming "pagsasanay" ng clairvoyance na aking nakilala sa nakalipas na tatlumpung taon. Ang ikatlo ay iyong aking ginagawa na kasama ang maraming nag-aaral ng mistiko at iyong tinatawag na psychic na siyang naging susi nila sa kanilang mga pananagumpay.

Kalakip ang ilan sa mga pagsasanay na ito ay kinakailangan mo munang maging ganap ang iyong kapayapaan, ganap na kapahingahan ng katawan o sa madaling salita ay relaxation o mapayapang pag-iisip. Ito ang mga kinakailangan ng kaisahang panloob ng katawan upang maging ganap ang lahat ng mga pagsasanay na gaganapin.

ANG LAGUSAN - (TUNNEL) NA PAGSASANAY (Light)

Ang pagsasanay na ito ay mahalaga at kinakailangan sa pagbubukas ng clairvoyance maging ito man ay panloob o panlabas na uri.

Isipin na ikaw ay nagbubukas ng napakahabang lagusan, at ikaw ay papasok sa bukas na lagusan. Tahakin ang isang napakahabang landas at sa unahan mo o sa iyong harapan ay wala maliban sa kadiliman. Subali't sa malayong agwat o iyong layo na naaabot ng iyong paningin ay may isang maliit na tuldok ng puting liwanag, na nagpapahayag ng kabilang dulo ng lagusan. Sa pamamagitan ng pag-iisip ay simulan mong kumilos tungo sa liwanag. At ikaw ay dahan-dahang uusad sa kahabaan ng lagusan, at ikaw ay hahakbang ng dahan-dahan tungo sa liwanag na iyong natatanaw. Para bang ikaw ay nanganganap na nasa isang bangka ka at nakikiagos sa daloy ng isang mahinang ilog. Panatiliin ang iyong pansin sa gitna ng maliit na tuldok ng liwanag na nasa iyong unahan na dahan-dahang lumalaki habang sa pamamagitan ng isipan ay pinalalapit ito.



Habang ikaw ay unti-unting lumalapit sa dulo ng lagusan, ay magsisimula kang makadama ng kakaibang damdamin na nakapaligid ng iyong sarili o sa kabuuan ng iyong pagkatao. Parabang ang liwanag sa dulo ng lagusan ay naghahasik ng liwanag sa buo mong pagkatao. Nadarama mo ang isang panloob na kasiglahan habang ikaw ay dahan-dahang papalabas sa kabuuan ng kadiliman na nasa isang lagusan na nilikha mo sa iyong kaisipan, tungo sa kabuuan ng liwanag na iyong natatanaw.

At kung ikaw ay ganap ng nakalabas mula sa lagusan tungo sa kabuuan ng liwanag ay maaaring maganap ang inaasahang clairvoyance. Ang kabuuang paglalakbay ng pag-iisip ay nangangailangan ng tatlo hanggang limang minuto, kahit na hindi mo gaanong namamalayan ang mga nangyayari sa pagdaraan ng oras.

Kung walang nagaganap - sa pangkaraniwang karanasan na inaasahan, ay muling ulitin ang pagsasanay nang isa hanggang dalawa. Kung nananatili pa rin na walang ipinagbabago, ay muling subukan sa ibang araw. Ang kaparaanang ito at ang iba pang mga pagsasanay at disiplina, sampu ng tagumpay na inaasahan ay makakamtan ngunit nangangailangan lamang ng matiyagang pagsasanay!

ANG PAGSASANAY SA PAMAMAGITAN NG LARAWAN (Concentration 'Creating Mental Pictures)

Ang ikalawang pagsasanay ay ang pagninilay (concentrate) sa isang letrato o larawan ng isang minamahal na wala na sa pisikal na antas at ngayon ay nananatili na sa hindi nakikita at siyang kaganapan ng buhay. Ang mga pagsasanay na ito ay lalong higit na mabisa sa paglilinang ng panloob na clairvoyance.

Maglagay ng larawan sa isang lugar na pantay

sa paningin ng mata na sa layong tatlong talampakan, o kaya ay higit na malayo kapag ang larawan ay higit na malaki. Ituon ang iyong pansin sa kabuuan ng larawan kalakip ng pagninilay na ang anumang bagay na hindi nasasaklaw ng kuwadro ay hindi gaanong nakikita at hindi nakatatawag ng iyong pansin.

At pagkatapos ay subukin na paliitin ang lawak ng iyong paningin nang sa gayon ay mukhang ang inyong nakikita, at mawawala ang kuwadro ng larawan mula sa paningin. Pagkatapos, kung maaari, ay higit na paliitin ang iyong paningin, na ang tanging nasasaklaw lamang ng iyong paningin ay iyong bahagi ng mata ng tao na nasa larawan na siya mong ginagamit. Magkonsentreyt ka dito ng ilang minuto hanggang sa makakaya mo. At sa pagkakataong ito, sa araw-araw na pagsasanay, ay maaaring maganap ang mga karanasan sa clairvoyance.

Karamihan sa mga nagsasanay ng mga aralin na dito ay aking binabanggit, ay nagkakaroon sila ng kaugnayan ng tao na nasa larawan sa pamamagitan ng clairvoyance, at ang taong iyon na nasa larawan sa pamamagitan ng clairvoyance, at ang taong iyon na nasa larawan ay bigla at tunay na nakikita na para bang siya mismo ang kumikilos sa larawan. Sa pagsasagawa ng mga pagsasanay na ito ay maaaring higit na mataas na kasagutan na nauukol sa paningin ang gumagana kalakip ang pagtingin sa larawan at pag-iisip sa larawan ng tao.

May mga sandali na maaaring naiisip mo na likhang-isip lamang ang mga nagaganap, at walang anumang karanasan na nauukol sa clairvoyance ang nagaganap. Maging ito man ay totoo o hindi, sa anumang katayuan na nagaganap sa tao ay kinakailangan na maging matatag ang iyong sarili. Kadalasan ang mga pangitaing nagaganap, kung ito'y tunay na clairvoyance, ay kalakip ng tunay na pandamdam ng katotohanan, isang masiglang damdamin katulad ng nabanggit na kaugnay ng lagusang pagsasanay.



Sa sandaling makakita ng pangitaing kaugnay ng clairvoyance, o sa susunod na sandali pagkatapos, ay kinakailangan mong matanggap ang kakintalan na nauugnay sa mismong pangitain na siyang nagbibigay kahulugan o nagpapalakas nito. Isa sa mga dahilan ng unang aralin sa seryeng ito na nauukol na kalakip sa psychometria ay upang tumulong sa inyo, kalakip ang gawaing ito. Sa halip na hawakan mo sa iyong mga kamay ang isang bagay na ibinigay sa iyo ng ibang tao, at matanggap mo ang kanyang panloob na impresyon at kaalaman na nagmumula sa kanya, ngayon ay pinagsisikapan mong panghawakan sa iyong higit na mataas na paningin ang pangitain na iyong nakita ng paninging iyon, at mula doon sa nararapat lamang na pakikiisa na tumanggap ng kahalintulad ng panloob na damdamin -- malakas na pandamdam na pakikiugnay, magkaminsan ay kalakip ang taong nasa iyong pangitain. Kadalasang ang mga karanasan sa psychometria ay dagling nasusundan ng pangitain sa clairvoyance. Kung kaya't ang clairvoyance at makapangyarihang pandamdam o clairsentience ay magkasama at magkaugnay sa bawat isa.

## ANG PAGSASANAY SA PAMAMAGITAN NG TABING O KURTINA (Opening)

Sa anumang kaparaanang ipinamamalas ang mga pagsasanay na ito, ang isang katakatakang dami ng mga tao ay nakadaranas kaagad ng ilang antas ng clairvoyance. Ang mga pagsasanay na sumusunod ay iniuukol upang maalis at mawala ang mga pangkaraniwang pandamdam nang sa gayon ang antas ng may-malay na diwa ay madaling tumugon sa higit na mataas na kakayahan.

Magkaminsan ay nakaririnig tayo ng mga katawagang "Alisin ang tabing sa pagitan nitong sinukob at ng mataas na antas." Ito ang tiyak nating gagawin kalakip ang pagsasanay sa tabing. Ang tabing o kurtina, siyempre, hindi isang materyal na bagay kundi ginawa sa pamamagitan ng pagbabago-bagong antas ng bibrasyon sa pagitan ng isang pakikipagsapalaran sa buhay at ng iba pa. Ang ating layunin ay upang "alisin" ang ating sarili sa mababang antas mula sa ating pisikal o makalupang katauhan sa pamamagitan ng paglampas ng ating diwa sa "vibratory veil" at habang naroon sa pagbabago ng katayuan ay maging mapagtanggap sa nakikitang pamukaw ng isang higit na mataas at haba ng daloy.

Upang madala ang pagbabagong "vibratory" sa ating diwa, ipikit ang iyong mga mata at umisip ng isang ulap na kulay moradong tabing, na sa iyong pag-iisip ay para bagang ito ay may ilan lamang talampakan ang layo mula sa akin. Ang tabing na nasabi ay hindi binubuo ng solidong sangkap ngunit nagmumukhang isang eterikong kulay na muradong ulap. Kahalintulad ng pagsasanay sa lagusan- (tunnel), sa pamamagitan ng kaisipan ay magsisimula kang lumapit ng tuluy-tuloy tungo sa tabing o kurtina.

Habang sa pamamagitan ng kaisipan ay nalalapit ka sa tabing, sa pamamagitan din ng kaisipan ay makikita mo itong lumalaki. Ito ay mataas sa iyong ulo at ang haba ay ilang talampakan mula sa iyong kaliwa hanggang kanan. Di maglalaon ay nakatayo ka kaharap niyon.

Pagkatapos, bilang kasagutan sa pag-uutos ng iyong kaisipan, ang tabing ay magsisimula ng umangat mula sa gitna ng bahaging ibaba ipinakikita ang isang maliit na tatsulok na para bagang nagliliwanag na ilaw na nakikitang kumikinang mula sa magkabilang dako, at dahan-dahang



umaagos habang bumubukas ang tabing, o sa madaling salita ay ang pagbubukas ng tabing ang siyang nagiging dahilan ng paglaki ng tatsulok na lumiliwanag. Habang ang tabing ay patuloy na tumataas ng dahan-dahan sa pamamagitan ng pag-uutos ng inyong kaisipan, ang tatsulok na ito ng liwanag ay lalong lumalaki. Sa katapusan, ang tabing ay nakataas na, ang taas ay mataas pa sa iyong uluhan at ang katayuan ay higit ang taas sa iyong ulo, at sa iyong kaisipan ay humahakbang tungo sa pagliliwanag ng ilaw hanggang sa magkabilang dulo ... kung saan mo hinihintay ang karanasan sa clairvoyance.

Ang lahat ng ito ay kinakailangan na gawin kalakip ang iba't-ibang kaparaanan. Pagkatapos na mailarawan sa isip ang tabing, hatiin ang natirang kaparaanan sa tatlong hakbang, at hayaang humigit kumulang ang ganoong haba ng oras sa pagganap ng bawat isa. Sa pasimula ay nanaisin mong bumilang, subali't ang pagbilang ay hindi dapat gaanong pagkaabalahan ng iyong pansin na siyang maglalayo sa iyo upang makamtan ang ninanasang kasagutan sa iyong mga pagsasanay. Matapos mong magbilang sa kaparanan ng ilang ulit, at ang himig ay naikintal sa iyong diwa, ngunit lalong higit na mabuti kung hindi ka magbibilang.



Sa pasimula ay maaaring hayaan mo ang limang pagbilang sa bawat hakbang tulad ng mga sumusunod:

1. Dahan-dahang bumilang mula sa isa hanggang lima habang sa isipan ay nalalapit ka sa tabing o kurtina.

2. Pagdating sa ikaanim na bilang, ang tabing ay nagsisimulang umangat, at pagdating sa ikasampung bilang, ito ay kapantay na ng iyong dibdib.

3. Ang tabing ay patuloy na tumataas, at pagdating sa ikalabinglima, ito ay nasa itaas na ng iyong ulo, na nagpapahintulot sa iyo upang patuloy na humahakbang at hintayin ang iyong karanasan sa clairvoyance.

Sa pasimula, ang mga hakbang ay dahan-dahang gaganapin. Kalakip ang pagsasanay ng buong kaparanan ay magaganap nang higit na mabilis hanggang sa ito ay magagawa na lamang sa loob ng ilang sandali.

## MEKANIKAL NA TULONG SA PAGLILINANG NG CLAIRVOYANCE (Bringing subconscious vibrations to waking condition)

Ang bolang kristal ay naging isang simbulo ng panlilinlang at panlolokong panghuhula sa mata ng pangkalahatang publiko. Ipinakakahulugang kapangyarihan sa mahiya ang bolang kristal ay siyang nagdala dito sa kawalang dangal. Walang ibang tanging intensiyon ang kristal kundi upang maging bagay na mapag-uukulan ng konsentrasyon — na siyang tumutulong upang mapatatag ang isip at palayain ito mula sa anumang panggagambala ng pangkaraniwang pandamdam.

Kung mayroon kang isang kristal, pagsana-



yan mo ito. Ilagay ito sa bahaging n..baba sa tapat ng mata at humigit kumulang na dalawang talampakan ang layo sa ibabaw ng isang pangkaraniwang maitim na tela o sa natutulad na kapaligiran ng walang nakagagambalang huwaran. Sikapin na ipanatili ang iyong pansin sa gitna ng malayong kapatagan, tumingin ng lampasan sa kristal mula sa kanyang kinalalagyan. Ang pagpapanatili ng iyong pansin sa gitna ng kristal ay lumilikha ng mga pangitain sa clairvoyance na maaaring nasa labas ng kristal mismo o panloob na larawan sa pamamagitan ng pag-iisip. (Kung wala kang sariling kristal, maglagay ka ng tubig sa isang babasaging garapon at iyon ay mabisa ding makatutulong sa iyong pagsasanay).

Isang mekanikal na tulong ang itinatagubilin ng Astara na higit na mabisa kaysa bolang kristal. At ang isa sa pinakamagaling para sa ikauunlad ng clairvoyance, ay ang chart na nasa harap ng pahina. Maaaring tularan ang chart sa isang kapirasong puting papel o alisin ang pahina mula sa aralin kung iyong ninanais.

1. Ikabit ang chart sa isang salamin sa pamamagitan ng rubber cement o gomang semento o plaster na kabilaan. Kung nais mo ay bimili ka nang isang salamin upang hindi mo na laging tinatanggal ang chart. Kinakailangan na magkaroon ka ng isang 12 x 12 na dali ang laki. Ilagay ang chart sa dakong itaas ng salamin at sa dakong ibaba ay hayaang nakalantad ang salamin.

2. Umupo ng mula sa apat hanggang walong talampakan ang layo mula sa salamin, na ang gulugod ay nakatuwid at malayo sa sandalan ng upuan ang iyong likod, ang paa ay nakalapat sa sahig.

Ilagay ang chart sa pantay ng iyong kilay.

3. Pagsalikupin ang iyong mga daliri sa likuran ng iyong ulo na ang mga siko ay nakataas.

4. Tumingin ng diretso sa puting bilog na nasa gitna ng chart na ang mga talukap ng mata ay nasa kalagitnaan ng itim.

5. Pakunutin ng ilang sandali ang iyong noo na para bagang ikaw ay tumititig sa isang nagniningning na liwanag.

6. Ilagay ng paharap ang iyong mga braso at ipisil ng madiin sa iyong mga sintido.

7. At sa pagkakataong iyon ay pisilin ng madiin ang likod ng iyong ulo sa pamamagitan ng palad ng iyong mga kamay. Iyong para bang nagsisikap ka na itulak ng pasulong ang iyong ulo.

8. Habang pinananatili mo ang pagdiin sa iyong ulo, ay hayaang nakatitig ang iyong mga mata sa gitnang bahagi ng chart. Ang iyong mga bisig ang siyang magialayo sa iyong pansin sa kapaligiran at tutulong upang mapalilit ang iyong paningin sa chart lamang. Sa gayon, ang iyong pansin ay mananatili sa isang lugar.

At sa gayong kalagayan ay magnilay ng mga tatlo hanggang limang minuto sa bawat araw sa loob ng isang linggo. Sa pasimula ay maaaring ikaw ay hindi makapagnilay o makapag-concentrate sa ganoong haba ng oras, subalit gawin ito sa abot ng iyong kakayahan hanggang sa maituon mo ang iyong pansin sa loob ng dalawampung-minuto. Kapag





nangangalay na ang iyong mga bisig, ibaba mo ito at ipahinga, habang pinananatiling nakatuon ang iyong paginingin sa gitna ng chart.

Ilang pakiramdam ang maaaring maganap habang isinasagawa ang pagsasanay na ito. Pabayaang malayang tumulo ang iyong luha. Pabayaan ito, huwag mong hahawakan ang iyong mga mata. Isang pakiramdam na parang hinihila ang panggitna ng iyong noo, na nasa puno ng iyong ilong, ang maaaring maganap. Ang chart ay maaaring dumudoble o tumatatlo. Maaring ito ay magbabagubagong kulay. Paminsan-minsan ay asul, pula, puti, at orange o kulay dalandan, o kaya ay malaginto. Maaari namang ito ay maglahong ganap mula sa iyong paningin.

Matapos ang ilang linggong pagsasanay ay nahahanda ka na upang subukan ang iyong kakayahan. Pasulatin ang isang tao ng mga salitang lingid sa iyong kaalaman sa isang kapirasong papel na kasukat o higit na maliit kaysa chart, at ilagay ang papel na ito sa likod ng chart nang sa gayon ay hindi mo nakikita ang nakasulat.

Sa pasimula ay sanayin ang pagsasanay tulad ng dati, pagsikapang mabasa ang mga nakasulat na salita sa papel na nakalagay sa likod ng chart. Kalakip ang kaunlaran ng iyong clairvoyance, ang chart ay biglang maglalaho mula sa iyong paningin at mababasa mo ang mga salita na nakasulat sa papel na nakalagay sa likod ng chart. Higit na magaling kung magsisimula sa pamamagitan ng isang salita lamang kaysa isang napakahabang pangungusap. Ang sinulat na mensahe ay kinakailangang maging payak o pangkaraniwan.

## ITO BA AY TALAGANG CLAIRVOYANCE O GUNI-GUNI LAMANG?

Isang magulong mga katanungan ang kadala-



san ay dumarating : Papaano ko masasabi ang kaibahan sa pagitan ng anyo na nakikita sa pag-iisip ng aking sarili at iyong isang matatanggap ko ng may pagka-clairvoyance?

Napakahirap sabihing may ganap na katiyakan. Sa pagdaraan ng mga taon nang pagsasanay lamang nadadalubhasa ang sining na ito. Tulad ng aking nabanggit, kadalasa'y napapansin mo lamang ang pagkakaiba sa pamamagitan ng damdamin o pakiramdam na kalakip ang larawan ng pag-iisip na iyong nakita kung nakakita ka na ng para bang buhay na larawan ang higit at parang hindi likas na lalim at kabilugan ng tagpo. Kung mapag-aaralan mo ang magkaparehong bisa sa paningin sa anyo, nakasisiguro ka na nakatatanggap iyon ng may pagka-clairvoyance.

## PAPANO NATATANGGAP ANG ANYO SA PAMAMAGITAN NG CLAIRVOYANCE?

Ang iyong utak at ang malapit na kaisahan ng pituitary at pineal na lamad o glandula ay maihahambing sa isang "pangkaraniwang telebisyon" na tumatanggap ng mga panglitain at mga tunog mula sa astral, mental, at causal na antas ng buhay na maaaring maugnay dito, tulad noong nasa pisikal na dimensiyon. Ang mga panloob na gawain nitong mga katakatakang kasangkapan, kasama ang mga gatil na pandamdam na nakaugnay sa iyong gising na diwa, sa araw araw na karanasan.

Isang mahalagang bahagi nitong panloob na telebisyon, kasama ang pangglinang psikiko o (psychic) na kung tawagin ay chakra na nauugnay sa pineal at pituitary glands na siyang pisikal na himpilan ng noo at koronang chakra. Ang mga chakrang ito ay binubuo ng eterikong sangkap at, karagdagan sa iba pang gawain, ay siyang nag-uugnay sa mga pahatid sa pagitan ng pisikal at higit na mataas na antas.

Kapag ang isang superpisikal na anyo ay naitala sa gangitnang psikiko o mga chakra, ito ay ipinadadala sa pisikal na himpilan (gatil at utak) at nagiging pangitain na clairvoyance. Ang mga pisikal na lamad-kalamnan ng telebisyong ito ay hindi ganap na nakatatanggap na kasangkapan. Sila lamang ang mga pisikal na himpilan.

Kapag daraan ka sa katotohanang higit na mataas na antas ng buhay, ang iyong kapangyarihan sa clairvoyance ay siyang mag-uugnay sa iyo sa higit na mataas na katotohanan, at sa pagkakataong iyon, ang mga tukoy na himpilan ng astral ay siyang papalit sa kasalukuyang pisikal na katayuan. (Ang eteriko, astral, mental, at causal na katapat ng utak at gatilan ay ganap na masusuri sa pangmataas na antas na aralin ng Astara.)

Mga tiyak at hindi nababagong kaparaanan ay hindi maigugupo kaugnay ng pagbubukas ng kakayahan sa clairvoyance o ang mismong kaparanan sapagkat ito ay naiiba sa bawat tao. Sapat nang sabihin na ang palagiang pagsasanay ay ganap na mahalaga, totoong ang tuloy-tuloy na karanasan sa clairvoyance ay madalas na nagaganap, subalit kadalasang ito ay nagaganap sapagkat ang landas ay dati nang inihanda sa pamamagitan ng mga pagsasanay at disiplina, tulad ng naibigay na sa aralin na ito.

Ang mga panloob na pangitaing clairvoyance ay kadalasan lamang nagaganap sa loob ng noo na parang may isang tabing, at naroon ang portaplakang larawan na pinalalabas. Ang mga larawan ay maaaring itim at puti o kaya naman ay may kulay.

Lalong higit sa maagap na antas ng kahayagang maaaring makasilip ka sa pamamagitan ng clairvoyance ng iba't ibang uri ng liwanag ng iba't ibang sukat mula sa katuldok ng karayom



hanggang sa kasinlaki ng isang dalandan, o kaya naman ay higit na malaki. Kadalasa'y kumikislap, ang mga liwanag na ito, pagkatapos ay nawawala. Magkaminsan ay nananatili itong nakikita sa loob ng ilang sandali. Kahit na malimit ay nakikita itong kulay puti, kadalasan naman ay nakikita ang iba't ibang kulay.

## MAGSANAY KASAMA ANG IBANG TAO

Sapagkat ang pakikiugnay ng mga damdamin sa iba ay madalas na tumutulong upang maganap ang clairvoyance ay napabibilis mo ang iyong pag-unlad sa pamamagitan ng pagsasagawa kasama ang may kaugnayan sa iyong pamilya o sa matalik na kaibigan.

At minsan sa ilang matahimik na sandali, nilayin mo ang iyong pansin sa kanyang larawan o ilarawan mo siya sa isipan ng mga ilang sandali. Ngayon kung ang mga larawang clairvoyance o malakas na pandamdam ay nagsimulang mahayag, ay gumawa ka ng talaan para dito. Ang mga talaang ito ang siyang tatalakayin mo sa kanya upang matuklasan kung gaano kapanipaniwala ang iyong mga naging o hindi magiging kakintalan.

Laging mag-ingat ng talaan, kahit na hindi mo nakikita ang mga hindi inaasahang pakikiugnay sa taong kinauukulan. Maaaring tahimik na maghayag ang hinaharap ng mga ilang hindi pagkaunawa sa maraming bagay na iyong natatanggap. Walang pag-aalinlangang nagkakaroon ng ilang bagay na walang kaugnayan, subalit huwag kang mababalisa sa pamamagitan nito. Ito ang lahat ng palatandaan ng maagang pagsasanay ng clairvoyance. Maaari mong naisin ang isang tao upang sa kaisipan ay magpadala ng ilang salita o mensahe sa iyo sa ilang mga pagkakataon. Tingnan kung ikaw ay, "makatatanggap" ng mensahe. Ang pagsasanay ang siyang maghahayag ng di- kapanipaniwal...

kapangyarihan sa tinatawag na Mental Telepathy.

## PANGHULING SALITA

Upang ibigay sa iyo ang kabuuang larawan ng mga mahahalagang layunin sa araling ito, narito ang talaan ng higit na mahalagang pangwakas:

1. Ang clairvoyance ay higit na nakasasaklaw sa nakararaming buhay kaysa sa ibang gawain ng tao.

2. Ito ay nanatiling hindi nalilinang at hindi nauunawaan sanhi ng kakulangan ng nagtutuon ng kanilang atensiyon dito.

3. May dalawang pangunahing uri ang clairvoyance: panlabas at panloob.

4. Bawat isa sa mga uring ito ay mayroong mga antas: clairvoyance sa kalawakan, sa panahon, x-ray clairvoyance, trance o hipnotikong clairvoyance at pangitaing dagitab.

5. Ang clairvoyance ay madalas na nagaganap kung malakas na damdamin ang nakaugnay sa panlabas na bagay o tao ay nakikita sa pamamagitan ng kapangyarihan nito.

6. Ang mga pangitaing may kinalaman sa clairvoyance ay nalikha sa pamamagitan ng iyong mataas na sarili na tulad ng kinalalabasan ng walang pagod na pag-iisip o damdamin sa "bahagi" ng ibang tao, maging ito man ay buhay o patay.

7. Ang masimbulong pangitain ay higit na madalas kaysa direktamenteng pangitain-- na maisaiin bilang pangdamdaming tumutulong sa pang-unawa.



8. Ang pisikal na pandamdam ay kinakailangang mapayapa upang maabot ang higit na mataas na damdamin upang gumawa ng malakas na kalooban (pagninilay), at ang mga pagsasanay na ibinibigay sa araling ito ay mabisang nagpapatahimik ng iyong pisikal na pandamdam.

9. May mga mekanikal na pamamaraan upang makatulong sa pagpapatahimik ng pandamdam. Ang pagsasanay sa chart sa aralin na ito ay ipinapayo.

10. "Damdamin", three-dimensional" na kaanyuan at ang pandamdam na sobrang makatotohanan ay katangian na siyang tutulong sa pag-uuri sa pagitan ng tunay na clairvoyance at imahinasyon.

## BAKIT KINAKAILANGAN KONG ISAGAWA ANG MGA ARALIN NA ITO?

"Mayroon bang mahalagang dahilan upang ako ay mag-ukol ng panahon sa pagsasanay na ito? Ito ba ang panimula tungo sa isang bagay na higit na mahalaga kaysa sa pangkaraniwang damdamin lamang? Ito ba'y isa lamang pagsusuri? O laruan lamang?"

Sa araw-araw na pamumuhay, ikaw ay hindi higit na nakasisigurong laging magkakaroon ng pangitaing clairvoyance na tulad ng pagkain at paggawa sa lahat ng sandali. Kahit na ikaw ay hindi gaanong nakaranas ng kapangyarihan nito, ang panahon ay hindi nasayang. Ang mga panahon na iniuukol mo sa bagay na ito ay mapagkakatiwalaan at bagong mapag-uukulan ng iyong pansin sa kahalagahan ng makalangit na kahalagahan sa buhay kaysa sa mga pangkaraniwan at lumilipas. Ikaw ay magsisimulang makatanggap ng panibagong

kasiglahan ng iyong damdamin at katotohanang nauukol sa iyong sarili, sa iyong pamilya at mga kaibigan at sa iyong mga tungkulin.

Ang iyong panloob na paningin sa anumang bagay sa buhay ay nadaragdagan. Ang lahat ng panloob na lagusan na siyang mag-aakay sa iyo sa walang hanggan ay magkakaroon ng buhay. Ikaw ay makatatanggap ng panibagong katotohanan ng buhay at ang lahat ng ito ay may kahulugan sa iyo at sa inyo. Ikaw ay makatatanggap ng iyong pansariling karanasan, hanggang sa ilang antas, sa pantabas na gawain na mapapalitan ng higit na may-buhay kaysa sa iba na natala sa kasaysayan ng sankatauhan.

Dev. Impt.
① WILL POWER ② POWER OF CONCENTRATION ③ POWER OF VISUALIZATION

- Clairvoyance is normal, natural - just right, proper way of doing or reawakening
- Clairvoyance easy to develop but to learn to use it is hard. We will not be a negative medium and never be possessed by lower entities & other spirits.
- Clairvoyance will open your eye single, inner ear.

Principle:
* Our aura is part of the akasha and the akasha is the universal soul or soul of God.
* Develop our heart plane or desire plane, emotions...
* Your trials are many - be on guard and only your inner eye can judge.
* Don't aspire for power otherwise we'll be black magician - God knows when you are worthy to have it.